COVID-19 LONG BEACH

Emergency Rental Assistance Program

KAILANGAN NG TULONG SA UPA?

Ang Long Beach Emergency Rental Assistance Program (LB-ERAP) ay makakatulong sa mga nangungupahan na kwalipikado batay sa kita na mabayaran ang kanilang upa at mga utility, kapwa para sa mga nakaraang takdang bayarin at mga pagbabayad sa hinaharap. Uunahin ng programa ang pagtulong sa mga nangungupahan na may mas mababang kita na 90 araw o higit pa na walang trabaho at nanganganib ng kawalang katatagan (housing instability) sa pabahay.

Kwalipikado ba ako?

Kung nasasapatan ng isa o higit pang mga indibidwal ng iyong sambahayan ang lahat ng mga sumusunod na pamantayan sa programa, karapat-dapat kang mag-aplay:

Kwalipikasyon ng Kita

May kita ng sambahayan na o mas mababa sa 80% ng area median income (AMI).

Uunahin ng programa ang mga sambahayan na may kita na mas mababa sa 50% of AMI.

Laki ng Sambahayan	1	2	3	4	5	6	7	8
50% AMI Limit	$39,450	$45,050	$50,700	$56,300	$60,850	$65,350	$69,850	$74,350
80% AMI Limit	$63,100	$72,100	$81,100	$90,100	$97,350	$104,550	$111,750	$118,950

Pinansyal na Epekto ng COVID

Naging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho o nakaranas ng pagbawas sa kita ng sambahayan, naganap na makabuluhang gastos, o nakaranas ng iba pang paghihirap sa pananalapi na dapat, direkta o hindi direkta, dahil sa COVID-19.

Uunahin ng programa ang mga aplikante na walang trabaho sa loob ng 90 araw o higit pa.

Panganib ng Kawalang Katatagan sa Pabahay

Ipakita ang isang panganib na makakarananas ng kawalan ng tirahan o kawalan ng katatagan sa pabahay (housing instability), na maaaring kinabibilangan ng:

- Nakalipas na dapat bayaran sa upa, utility, o abiso sa upa o abiso sa pagpapaalis (eviction notice); o
- Anumang iba pang katibayan ng naturang panganib, na tinukoy ng programa

Ano ang Maaari kong Aplayan?

Babayaran ng programang ito ang mga napasong upa sa pagitan ng Abril 1, 2020 hanggang sa kasalukuyan, para sa kabuuang 18 buwan. Ang mga kabayaran ay direktang mapupunta sa iyong landlord sa ngalan mo maliban na lang kung tumangging lumahok ang iyong landlord. Sa kasong iyon, maaari kang mag-apply para sa iyong sarili at ang mga kabayaran ay direktang mapupunta sa iyo bilang pambayad sa iyong landlord. Maaari ring mag-apply ang mga nangungupahan ng tulong para sa mga napasong bayarin para sa natural na gas, tubig, at basura. Maaari ring mag-apply ng hanggang 100% ng upa ng hanggang 3 buwan na paparating na upa.

Paano Ako Mag-aplay?

Ang mga aplikasyon ay makukuha online sa sumusunod na website: **longbeach.gov/rentalassistance**

Maaari mo ring tawagan ang Linya ng Telepono ng LB-ERAP Support sa **833.358.5372** para sa tulong sa pag-aplay at maidirekta sa isang Long Beach nonprofit na organisasyon na makakatulong sa iyo na punan ang aplikasyon at gabayan ka sa proseso ng pagsumite ng aplikasyon.